Kailan dapat manatili sa bahay at hindi pumasok sa childcare o primary na paaralan ang mga batang may sakit?



1. Ang anak mo ba ay nagkaroon ng lagnat, ubo, masakit na lalamunan o baradong ilong sa nakaraang 24 na oras?

- Panataliin ang anak mo sa bahay.
- Dapat masuri ang bata para sa COVID-19.

Kung tumutulo lang ang ilong ng bata o may uhog/dumi at mabuti naman ang pakiramdam, ang bata ay maaaring pumunta sa childcare/paaralan at hindi kailangang masuri para sa COVID-19.

Para din ito sa batang alam na may mga allergy.



Tumawag sa doktor kung ang bata ay may sipon at:

- Ayaw ng batang maglaro o maging aktibo.
- Ang bata ay may lagnat, masakit ang kalamnan, walang ganang kumain, nanlulumo, nagduruwal o nahihilo.
- Nahihirapan ang batang huminga at/o mas mabilis itong huminga kaysa karaniwan habang nagpapahinga.

Tandaan na hindi mapapaliwanag ng mga batang-bata kung ano ang kanilang nararamdaman, maaaring mareklamo sila, ayaw humiwalay o iritable. Kung nag-aalala ka tungkol sa anak mong may sakit, dapat mo laging kontakin ang iyong doktor o medikal na serbisyo makalipas ang oras ng tanggapan.

2. Kinukumpirma ba ng pagsusuri ang COVID-19?



OO

Dapat manatili ang anak mo sa bahay.

Sasabihin sa iyo ng munisipalidad kung anong mga patakaran ang dapat mo at ng pamilya mo sundin habang may sakit ang bata.

HINDI

Maaaring pumunta ang anak mo sa childcare o paaralan kapag tilang mas magaling na sila o walang lagnat.

Ang bata ay maaaring pumunta sa childcare o paaralan kahit na may mga banayad pa silang sintomas tulad ng uhog/dumi, medyo malat o may kaunting ubo.

NIPH